



Paano kokolektahin ang iyong pera pagkatapos mong mapanalunan ang iyong kaso

Ngayong napanalunan mo na ang iyong kaso, ikaw ay ang *nahatulang pinagkakautangan*. At ang taong may utang sa iyo ay ang *nahatulang may-utang*.

Inutos ng korte na bayaran ka ng may-utang. Ngunit ang pagkolekta ng hatol para sa iyo (ang perang utang) ay maaaring hindi madali. Ipapaliwanag ng papel na ito kung paano kokolektahin ang hatol, kahit ayaw magbayad ang may-utang.

Kokolektahin ba ng Korte ang pera para sa akin?

Hindi kokolektahin ng korte ang pera para sa iyo. Ngunit maaaring gumawa ng korte ng utos upang magbayad ang may-utang.

Mayroon bang katapusang araw para makolekta ang hatol para sa akin?

Oo, dapat kang mangulekta sa loob ng 10 taon. Ngunit, maaari mong hingin na pahabain ang katapusang araw ng 10 pang taon. Pagkalampas ng huling araw, hindi mo na makukuha ang iyong pera.

Maari ba akong sumingil ng tubo?

Oo. Pinapahintulutan ng Korte ang 10% kada taon na simpleng tubo. Ang simpleng tubo ay idinadagdag sa “tubo” na bahagi ng iyong hatol, hindi sa halagang puhunan.

Bilang halimbawa:

Kung ang hatol para sa iyo ay para sa \$10,000, sa 2 taon, ikaw ay pagkakautangan ng \$10,000 na puhunan at \$2000 sa tubo. Kung hindi ka pa nabayaran, maaari mong hilingin ang korte na baguhin ang hatol para sa iyo – na idagdag ang tubo sa puhunan – upang ang iyong bagong puhunan ay magiging \$12,000.

Kailan ko kokolektahin ang aking pera?

Dapat kang maghintay ng 30 araw mula sa petsa ng pagkakoreo ng hatol para sa iyo.

Sa panahong ito, ang may-utang ay maaaring:

- Magbayad sa iyo nang boluntaryo
- Humingi sa korte ng planong hulog-hulugan
- Magsampa ng apela. (Kung mangyayari ito, dapat kang maghintay hanggang madesisyunan ang apela.)
- Sagutan at ipadala ang pormas SC-133, *Judgment Debtor's Statement of Assets*. Kung hindi ipadala ang may-utang sa iyo ang pormas na ito, hingin sa korte na utusan ang may-utang na pumunta sa espesyal na pagdinig, na tinatawag na *pagsusuri sa may-utang*.

Bakit ko kailangan ang pagsusuri sa may-utang?

Mayroon kang karapatan para malaman ang tungkol sa ari-arian at pag-aari ng may-utang upang iyong makolekta ang hatol para sa iyo. Ang pagsusuri ng may-utang ay ang iyong pagkakataon upang tanungin ang may-utang tungkol sa kanyang ari-arian at pag-aari. (Ang pag-aari ay anumang may halaga katulad ng suweldo, pera sa bangko, bahay, atbp.)

Paano ako makahingi ng pagsusuri sa may-utang?

Sundin ang mga sumusunod na hakbang:

- Sagutin ang pormas SC-134 (*Application and Order to Produce Statement of Assets and to Appear for Examination*). Ito ay dumarating na tatluhan, kaya sagutin mo ang 3 kopya.
- Sagutin ang taas na bahagi ng pormas SC-133 (*Judgment Debtor's Statement of Assets*).
- Kung gusto mong magdala ang may-utang ng mga rekord pampinansiyal o impormasyon, sagutin ang pormas SC-107 (*Subpoena duces tecum*).
- Dalhin ang mga pormas sa klerk sa 400 McAllister Street, Silid 103. Bibigyan ka ng klerk ng petsa ng pagdinig.
- Maghain ng kopya ng mga pormas na ito sa nahatulang may-utang. (Pinakamabuti ang gumamit ng rehistradong proseso ng paghain o ng katulong ng Serip.)

Saan ako makakukuha ng mga pormas na aking kailangan?

Pumunta sa ACCESS Center. O bisitahin ang website ng California Courts Self-Help : www.courtinfo.ca.gov/selfhelp

Paano kung hindi sumipot ang may-utang sa pagsusuri sa may-utang?

Magpapadala ang korte ng sulat sa may-utang na may bagong petsa ng pagdinig at isang babala na pumunta o haharap ng pagka-aresto.

Tala: Ang korte ay mag-iisya *lamang* ng utos kung ikaw ay nagkaroon ng tagahain ng proseso o isang serip ang naghain ng iyong mga papel.

Ano ang gagawin ko sa pagdinig ng pagsusuri?

Magpalista sa klerk sa korte bago dumating ang oras ng iyong pagdinig. Hihilingin ng klerk na ikaw ay sumumpa. Pagkatapos, magtatanong ka ng mga katanungan sa may-utang sa iyo.

Magdala ng listahan ng mga katanungan sa pagdinig. Ang iyong mga katanungan ay dapat itanong ang tungkol sa:

- Ari-arian ng may-utang at saan ito
- Trabaho
- Mga kuwenta sa bangko
- Anumang iba pang mga pag-aari

Kung iniwasan ng may-utang ang iyong mga katanungan o hindi siya nakikipagtulungan, sabihin sa klerk. Hingin na pumunta sa harap ng huwes. Ikaw ay pinapahintulutan lamang na magtanong sa may-utang minsan kada 120 araw. Kaya, huwag tumigil hanggang hindi mo nakukuha ang lahat na impormasyon na iyong gusto.

Tingnan sa Likod →

Ano ang aking gagawin pagkatapos ng pagdinig ng pagsusuri?

Sa oras na nalaman mo ang tungkol sa pag-aari ng may-utang sa iyo at kung nasaan ang mga ito, sagutin ang pormas EJ-130 ng korte, *Writ of Execution*. Dalhin ang iyong pormas sa klerk sa Silid 103. Ang babayaran sa pagharap ay \$15.00.

Tala: Ikaw ay dapat may hiwalay na *Writ of Execution* para sa bawat county kung saan may pag-aari ang may-utang sa iyo o may trabaho na gusto mong gamitin upang kolektahin ang hatol para sa iyo.

Maaari mo ring pagbayarin ang may-utang sa iyo na bayaran ang babayaran sa pagharap at anumang ibang makatwirang mga gastos na nagkaroon ka sa pagsisikap na makolekta ang hatol para sa iyo. Sagutin ang pormas MC-012, *Memorandum of Costs*.

Ano ang gagawin ko sa Writ of Execution?

Ikaw ay dapat kumuha ng levying officer (isang rehistradong tagahain ng proseso o katulong ng serip) upang kolektahin ang iyong hatol. **Hindi maaaring** ikaw mismo ang maghain ng dokumentong ito.

Tingnan ang impormasyong mayroon ka tungkol sa mga pag-aari ng may-utang sa iyo. Pagkatapos sabihin sa levying officer ang tungkol sa mga pag-aari at kung nasaan ang mga ito.

Dapat mo ring sabihin sa opisyal kung aling paraan (mga paraan) ang gagamitin upang kolektahin ang hatol para sa iyo. Kabilang ang mga ito ang:

- Pagpapataw sa bangko
- Pagbabawas sa suweldo o pagbinbin sa suweldo
- Lien sa ari-arian ng may-utang

Ano ang pagpapataw sa bangko?

Ang pagpapataw sa bangko ay kung ang bangko ay kukuha ng pera mula sa kuwenta ng may-utang at ibibigay ito sa levying officer. Ilang linggo ang makaraan, ibibigay ng opisyal ang pera sa iyo

Tala: Maaaring lalabanan ng may-utang ang pagpapataw sa pamamagitan ng pagsampa ng *kahilingan na hindi saklaw*.

Ano ang pagbabawas sa suweldo?

Maaaring sabihin ng levying officer sa may-utang na magbinbin ng hanggang 25% sa kabuuang kita ng may-utang mula sa bawat tsekeng suweldo, hanggang ang utang ay mabayaran. Ipapadala ng taga-empleyo ang pera sa levying officer. At, ipapadala ng opisyal ang pera sa iyo.

Tala: Kung mayroon nang ibang pagbabawas sa suweldo ng may-utang, ang paraan na ito ay maaaring hindi magagawa.

Paano ako maglalagay ng lien sa ari-arian ng may-utang sa akin?

Sagutin ang pormas EJ-001, *Abstract of Judgment*, at ibigay ito sa klerk sa Silid 103. Bibigyan ka ng klerk ng abstract kaagad.

Pagkatapos gagamitin mo ang abstract upang maglagay ng lien sa ari-arian ng may-utang para sa halagang nakalagay sa abstract. Ang ibig sabihin ng lien ay hindi maaaring ibenta ng may-utang ang ari-arian hanggang ang hatol para sa iyo ay bayad, maliban kung ibinebenta ng may-utang ang ari-arian upang ikaw ay bayaran.

Tala: Ang halaga ng hatol para sa iyo ay mapapalitan kung babaguhin mo ang hatol para sa iyo o dadagdagan mo ang mga gastos sa iyong pangungulekta. Dapat kang kumuha ng bagong abstract na nagsasaad ng pinalitang halaga. Iharap ito upang palitan ang dating abstract.

Maaari kang maglagay ng lien ng may-utang sa iyo sa kanyang:

- Propyedad, katulad ng lupa at mga gusali. (Dapat mong ibigay ang iyong *Abstract of Judgment* sa opisina ng taga-rekord ng county kung saan may propyedad ang may-utang sa iyo.)
- Ari-ariang personal, katulad ng alahas, kasangkapan, o iba pang mga bagay. (Dapat mong ipadala ang iyong *Abstract of Judgment* sa Kalihim ng Estado. Ito ay hindi magandang paraan upang kolektahin ang hatol para sa iyo. Dapat mo munang subukan ang mga ibang paraan.)

Paano kung walang magagawa at hindi ko makukuha ang aking pera?

Ang pag-kolekta sa hatol ay maaaring nakakabigo. Huwag mawalan ng pag-asa! Ang mga opsiyong ito ay magagamit mo rin:

- Hayaang magpahinga ang hatol sa ilang taon at kikita ng tubo. Pagkatapos subukan uli. **Huwag pabayaang lumampas ang 10 taon!**
- Kumuha ng tagapagpatupad ng hatol o tagakolekta ng hatol upang ikaw ay tulungan. Tumingin sa libro ng telepono o sa Internet. (Sisingilin ka ng mga ito ng 50% ng perang nakolekta.)

Ano ang mangyayari pagkatapos kong makuha ang aking pera?

Dapat mong sabihin sa korte na ang hatol ay bayad na. Sagutin ang pormas EJ-100, *Satisfaction of Judgment*, at iharap ito sa klerk.

Kung ikaw ay maglalagay ng mga lien sa ari-arian ng may-utang sa iyo, maaaring alisin ng may-utang ang mga lien sa pamamagitan ng pagharap ng pinatotohanang kopya ng *Acknowledgment of Satisfaction of Judgment* sa taga-rekord ng county o sa Kalihim ng Estado.

Kailangan ng karagdagang impormasyon?

Pumunta sa ACCESS Center.

Ang aming iskedyul ay:

Lunes – Huwebes: 8:30 ng umaga – 12 ng tanghali
1:30 ng hapon – 4:00 ng hapon
Biyernes: 8:30 ng umaga – 12 ng tanghali



ACCESS

San Francisco Superior Court

575 Polk Street
Room 001
San Francisco, CA
94102-4514

415.551.5880
access@sftc.org